# Mga Ideolohiyang Politikal na Nakapaloob sa mga Obra ng Sining Saysay na Kabilang sa Panahon ng Batas Militar Hanggang sa Kasalukuyan

## *Political Ideologies Contained in the Paintings of Sining Saysay from the Martial Law Period to the Present*

**Rose Pascual-Capulla**
Visayas State University

**Feorillo Petronilo A. Demeterio III**
De La Salle University Manila

### ABSTRAK

Ang Sining Saysay ay isang permanteng eksibit sa Gateway Gallery, Gateway Mall, Cubao, Quezon City. Binubuo ito ng tatlumpung malaking panel. Mayroon itong dalawampu't tatlong sequential historikal na panel at pitong historikal at kultural na panel. Sa dalawampu't tatlo nitong sequential historikal na panel, apat na obra ang napabibilang sa panahon ng Batas Militar hanggang sa kasalukuyan: 1) "Martial Law in the Philippines," 2) "Filipinos Unite to End Martial Law," 3) "Ramos-Estrada Administration," at 4) "Restoration of Democracy Continues." Sa pamamagitan ng semiolohiya ni Roland Barthes, at ang modipikadong ideolohikal na ispektrum nina Hans Slomp at F.P.A. Demeterio, sinuri ng papel na ito ang mga ideolohiyang politikal na nakapaloob sa apat na obrang ito. Natukoy ng papel na ito na ang naunang obra ay may dominanteng ideolohiya na liberal na libertaryan, ang pangalawang obra ay may dominanteng ideolohiya na radikal na libertaryan, ang pangatlong obra ay may dominanteng ideolohiya na nasa pagitan ng radikal na libertaryan at liberal na libertaryan, habang ang pang-apat na obra ay may dominanteng ideolohiya na liberal na libertaryan. Kung layunin ng Sining Saysay na ituro sa ating mga Pilipino ang sariling kasaysayan para linangin ang ating pambansang identidad at payabungin ang ating kultural na pagmamalaki, nararapat lamang na malaman natin kung ano-anong uring ideolohiyang politikal ang nakakubli sa ilan sa mga materyales na inihain sa atin.

*Mga Susing Salita:* Sining Saysay, batas militar, ideolohiyang politikal, Ferdinand Marcos, Corazon Aquino, Fidel Ramos, Joseph Ejercito Estrada, Gloria Macapagal-Arroyo, Benigno Simeon Aquino III

## ABSTRACT

Sining Saysay is a permanent exhibit at the Gateway Gallery, Gateway Mall, Cubao, Quezon City. It consists of thirty large panels with twenty-three sequential historical panels and seven historical and cultural panels. In its twenty-three sequential historical panels, four paintings fall under the Martial Law period under President Ferdinand Marcos's administration up to the present: 1) "Martial Law in the Philippines," 2) "Filipinos Unite to End Martial Law," 3) "Ramos-Estrada Administration," and 4) "Restoration of Democracy Continues." Using the semiology of Roland Barthes, and the modified ideological spectrum of Hans Slomp and F.P.A. Demeterio, this paper examines the political ideologies that are contained in these four paintings. This paper reveals that the first work has a dominant liberal libertarian ideology, the second, a dominant radical libertarian ideology, the third, a dominant ideology that is somewhere between radical libertarian and liberal libertarian, while the fourth, a dominant liberal libertarian ideology. If the purpose of Sining Saysay is to show Filipinos their own history in order to cultivate our national identity and promote cultural pride, it is only right that we know what kind of political ideology is hidden in some of the materials presented to us.


*Keywords*: Sining Saysay, martial law, political ideology, Ferdinand Marcos, Corazon Aquino, Fidel Ramos, Joseph Ejercito Estrada, Gloria Macapagal-Arroyo, Benigno Simeon Aquino III.

## Introduksiyon

Ang Sining Saysay: Philippine History in Art ay isang permanenteng eksibit sa Gateway Gallery, na matatagpuan sa ikalimang palapag ng Gateway Mall, Cubao, Lungsod ng Quezon, at pinasinayaan noong 2014. Ang eksibit na ito ay bunga ng kolaborasyon sa pagitan ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman, ng Alumni Association ng nasabing Unibersidad, at ng Areneta Center, Incorporated. Binubuo ang eksibit ng tatlumpung panel, kung saan ang bawat isa ay may sukat na anim na talampakan na taas at labindalawang talampakan na haba, at naglalahad ng iba't ibang historikal at kultural na tema. Ayon kay Alfredo Pascual, presidente noon ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman, ang eksibit na ito ay isang "inobatibong paraan sa pagtuturo at pagkatuto ng kasaysayan, pagtaguyod ng sining, paglinang ng pambansang identidad, at pagpapayabong ng kultural na pagmamalaki" ng mga Pilipino (5). Ipinapakita ng Talahanayan 1 ang pangalan ng mga pintor at pamagat ng mga obrang bumubuo sa Sining Saysay, pati na ang isang periodisasyon/klasipikasyon ng mga nasabing obra.

**Talahanayan 1:** Periodisasyon/Klasipikasyon ng mga Obrang Bumubuo sa Eksibit na Sining Saysay

| Mga Pintor | Mga Obra | Periodisasyon/ Klasipikasyon |
|---|---|---|
| Luis Enano Yee, Jr. (Ipinanganak: 1942) | Pre-Historic Philippines I | Panahong pre-historikal<br><br>(Mga sequential na obra) |
| Benjamin Isla Cabangis (Ipinanganak: 1957) | Prehistoric Philippines II | |
| Simkin Sarabosing de Pio (Ipinanganak: 1976) | Peopling the Philippines I | |
| Gig Completo de Pio (Ipinanganak: 1951) | Peopling the Philippines II | |
| Randy Solon (Ipinanganak: 1971) | Pre-Hispanic Philippines | |
| Armand Bacaltos (Ipinanganak: 1949) | The West Discovers the Philippines I | Panahon ng pananakop ng mga Espanyol<br><br>(Mga sequential na obra) |
| Amado Hidalgo (Ipinanganak: 1945) | The West Discovers the Philippines II | |
| Vincent Paolo Sarabosing de Pio (Ipinanganak: 1979) | Filipino Responses to Spanish Colonization | |
| Romeo Castillo Mananquil (Ipinanganak: 1942) | Breaking Colonial Ties I | |
| Aileen Lanuza-de Pio (Ipinanganak: 1987) | Breaking Colonial Ties II | |
| Adonai Artificio (Ipinanganak: 1981) | Re-asserting Independence | Panahon ng pananakop ng mga Amerikano<br><br>(Mga sequential na obra) |
| Norman Damasco Dreo (Ipinanganak: 1970) | American Betrayal of an Ally | |
| Janno Gonzales (Ipinanganak: 1988), Jasmin Gonzales (Ipinanganak: 1994), Marianne Rios (Ipinangank: 1992), at Aman Santos (Ipinanganak: 1973) | Filipinos Experiencing Invasion | |
| Cris Cruz (Ipinanganak: 1935) | The Philippines under the Stars and Stripes | |
| Romeo San Antonio Carlos (Ipinanganak: 1945), at Norman Damasco Dreo (Ipinanganak: 1970) | Quezon-Osmeña Administration | |
| Julius Samson (Ipinanganak: 1977) | Occupied Philippines | |
| Norlito Meimban (Ipinanganak: 1966) | Building from the Ashes | Panahon matapos ang digmaan<br><br>(Mga sequential na obra) |
| Romy Carlos (Ipinanganak: 1945) at Michael Velasco (Ipinanganak: 1980) | Quirino Presidency | |
| Ben Infante, Sr. (Ipinanganak: 1937) | Post-War Philippines | |

| Mga Pintor | Mga Obra | Periodisasyon/ Klasipikasyon |
|---|---|---|
| Pablo Baen Santos (Ipinanganak:1943) | Martial Law in the Philippines | Panahon ng Batas Militar hanggang sa kasalukuyan<br><br>(Mga sequential na obra) |
| Angel Cruz Cacnio (1931-2021) | Filipinos Unite to End Martial Law | |
| Michael Velasco (Ipinanganak: 1980) | Ramos-Estrada Administration | |
| Grandier Gil Bella (Ipinanganak: 1972) | Restoration of Democracy Continues | |
| Jonahmar Aguilar Salvosa (Ipinanganak: 1953) | Manila Galleon Trade | Mga obrang mas kultural ang tema at hindi basta-bastang maikakahon sa nabanggit nang periodisasyon<br><br>(Mga tematikong obra) |
| Abdulmari Asia Imao (1936-2014) | Muslims in the Philippines | |
| Janice Liuson-Young (Ipinanganak: 1965) | Chinese in the Philippines | |
| Grace Javier Alfonso (Ipinanganak: 1952) | Woman Empowerment in the Philippines | |
| Leonilo Ortega Doloricon (Ipinanganak: 1957) | History of Labor in the Philippines | |
| Denes Villacruz Dasco (Ipinanganak: 1973) | Philippine Icons and Symbols | |
| Romeo San Antonio Carlos (Ipinanganak: 1945) | Philippine Festivals | |

Ipinapakita din ng Talahanayan 1 na may tatlumpu't dalawang pintor, na lahat ay mga guro o alumni ng College of Fine Arts ng nabanggit nang Unibersidad, ang lumikha sa nasabing tatlumpung obra. Kung ang pamunuan ng Gateway Gallery ang tatanungin, sasabihin nitong tatlumpu't tatlong pintor talaga ang lumikha sa mga obra. Gusto ng pamunuan na isama ang pangalan ni Benedicto Cabrera dahil ang obrang "Filipinos Experiencing Invasion" nina Janno Gonzales, Jasmin Gonzales, Marianne Rios, at Aman Santos ay talaga namang may ilang sipi mula sa obrang "A Page from an Officer's Diary" ni Cabrera. Gustong ipagmalaki ng pamunuan na may dalawang Pambansang Alagad ng Sining ang sangkot sa proyektong Sining Saysay: sina Abdulmari Asia Imao at Cabrera. Sa grupo ng mga pintor na ito, ang pinaka may edad na ay si Angel Cruz Cacnio (1931-2021), habang ang pinakabata naman ay si Aileen Lanuza-de Pio (Ipinanganak: 1987) (Defeo 12).

Para maging maayos ang mga historikal na elemento ng eksibit, ginabayan ang tatlumpu't dalawang pintor ng dalawang dalubhasa sa kasaysayan na sina Dr. Serafin Quiazon at Dr. Ma. Luisa Camagay. Si Ruben Defeo naman ang tumayong art consultant at curator ng Sining Saysay.

Ipinapakita din ng Talahanayan 1 na sa tatlumpung obrang bumubuo sa Sining Sasay, dalawampu't tatlong obra ang maaaring ihanay sa isang periodisasyong may limang panahon, habang anim naman ang hindi basta-bastang maikakahon sa nabanggit na periodisasyon. Sequential na mga obra ang tawag sa naunang dalawampu't tatlong obra, habang tematikong mga obra ang tawag sa kasunod na pitong obra (Defeo 13). Ang mga obrang "Galeon Trade," "Muslims in the Philippines," "Chinese in the Philippines," "Woman Empowerment in the Philippines," "History of Labor in the Philippines," "Philippine Icons and Symbols," at "Philippine Festivals" ay lubhang malawak ang historikal na yugto o walang malinaw na historikal na yugto. Paliwanag ni Pascual (5), "ang mga tematikong obrang ito ay nariyan para gambalahin ang matingkad na linearity ng historikal na naratibo, lumikha ng historikal na komentaryo, at humikayat sa publiko na lumahok sa isang diskurso kasama ang mga manlilikhang sining".

Ayon pa rin sa Talahanayan 1, ang limang historikal na klaster na ito ay ang: 1) Panahong Pre-Historikal, na may limang obra na sumasaklaw sa pamumuhay, kultura, at sining ng mga sinaunang Pilipino bago pa man dumating ang mga Espanyol; 2) Panahon ng Pananakop ng mga Espanyol, na may limang obra rin na sumasaklaw sa pagdating mga Espanyol hanggang sa Rebolusyong Pilipino laban sa mga Espanyol; 3) Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano, na may anim na obra na sumasaklaw sa pagpapatuloy ng Rebolusyong Pilipino laban sa mga Amerikano hanggang sa mga huling yugto ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig 4) Panahon Matapos ang Digmaan, na may tatlong obra na sumasaklaw sa pagbangon ng Pilipinas mula sa danyos na dulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig hanggang sa panunungkulan ng Pangulong Diosdado Macapagal; at 5) Panahon ng Batas Militar hanggang sa kasalukuyan, na may apat na obra na sumasaklaw sa pag-usbong ng Batas Militar hanggang sa panunungkulan ng Pangulong Benigno Simeon Aquino III. Sa limang historikal na klaster na nabanggit, tinutukan ng papel na ito ang apat na obrang napabibilang sa Panahon ng Batas Militar hanggang sa Kasalukuyan: ang "Martial Law in the Philippines" ni Pablo Baen-Santos, "Filipinos Unite to End Martial Law" ni Angel Cruz Cacnio, "Ramos-Estrada Administration" ni Michael Velasco, at "Restoration of Democracy Continues" ni Grandier Gil Bella.

Ipinaliwanag ni Terry Eagleton, sa kanyang librong *Ideology: An Introduction*, ang tatlong pundamental na saysay ng salitang "ideolohiya" batay sa kaisipan ng pilosopong si Raymond Geuss: 1) ang positibo na kahalintulad sa antropolohikong kategoryang "worldview;" 2) ang peyoratibo na agarang kokondena sa ideolohiya bilang mali, baluktot, o mapanlinlang na kamalayan; at 3) ang deskriptibo na tumutukoy "sa isang kalipunan ng mga paniniwala na nagbubuklod at nagdudulot ng inspirasyon sa isang pangkat o uri para itaguyod ang politikal na interes na pinaniniwalaang kaaya-aya" (43-44). Ang tatlong saysay ng ideolohiya ay maaaring

gamitin isa-isa sa pagsusuri ng mga obrang napili, o ng anumang klaster ng Sining Saysay, dahil maaari namang gumawa ng antropolohikal o Marxistang pag-aaral sa mga materyal na ito. Ngunit para sa papel na ito, pinili ng mga may-akda ang ikatlong saysay ng ideolohiya dahil pinakanaaayon ito sa mga layunin at pangalawang teoretikal na lente ng papel na ito. Tanging estratehikal at metodolohikal ang dahilan ng pagpili ng papel na ito sa ikatlong saysay ng ideolohiya. Sa katunayan, kapag ang unang teoretikal na lente lamang ang gagamitin ng papel na ito, mas tutugma para dito ang ikalawang saysay ng ideolohiya.

Nilalayon ng papel na ito na ungkatin ang, o ang mga ideolohiyang politikal na nakapaloob sa apat na obrang naikahon ng papel na ito sa panahon ng Batas Militar sa administrasyon ng Pangulong Marcos hanggang sa kasalukuyan. Nilalayon din ng papel na ito na alamin kung magkakapareho o magkakaiba-iba ba ang ideolohiyang politikal ng nasabing apat na obra, at kung magkakaiba-iba man, may makikita ba tayong padron sa gitna ng kanilang pagkakaiba-iba.

Ang papel na ito ay bahagi ng isang mas malawak na proyekto kung saan lahat sa limang historikal na klaster ay susuriin gamit ang parehong metodolohiya. Sa katunayan, may borador nang naihanda ang mga may-akda tungkol sa klaster ng panahon ng mga Amerikano.

Mahalagang tingnan ang apat na obra dahil sa dalawampu't tatlong mga sunod-sunod (sequential) na obra ng Sining Saysay ang apat na obrang ito ang pinakamalapit sa ating kasalukuyan. Nilalaman din ng apat na obra ang mga usapin tungkol sa Batas Militar, diktadura, pang-aabuso sa karapatang pantao, aktibismo, demokrasya, korapsiyon, at marami pang iba, na mahahalagang paksa para sa ating mga Pilipino na umaasa ng panlipunang kaunlaran.

Kung layunin ng Sining Saysay na ituro sa ating mga Pilipino ang sariling kasaysayan para linangin ang ating pambansang identidad at payabungin ang ating kultural na pagmamalaki, nararapat lamang na alamin din natin kung ano-anong uring ideolohiyang politikal ang nakakubli sa ilan sa mga materyales na inihain sa atin. Maaaring magkakaiba ang ideolohiyang politikal ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman, ng Alumni Association nito, ng Araneta Center, Incorporated, at ng mga pintor na sangkot sa proyekto, at sa pagsasalpukan ng mga ito ano-anong ideolohiyang politikal kaya ang namamayani sa napiling apat na obra? Mahalaga rin ang pagsusuri sa klaster na ito sa gitna ng historikal na rebisyon na umiiral sa social media at sa kaisipan ng maraming Pilipino.

Masalimuot ang politikal na kulay ng pamilyang nagmamay-ari ng Araneta Center, Incorporated. Alam ng lahat na may ilang kasapi ng pamilyang ito ang ikinasal sa pamilyang Marcos: sina Gregorio Maria Araneta III kay Irene Marcos at Louise

Marcos Araneta kay Ferdinand Marcos, Jr. Alam din ng lahat na noong pinasinayaan ang Sining Saysay ay may kasapi din ang nasabing pamilya na pangunahing kaalyado ng Pamunuang Aquino, si Manuel Araneta Roxas II, at noong 2016 ay nasa Araneta Center pa nga ang punong tanggapan ng Partido Liberal. Maaari ding tingnan ang kolaborasyon ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman, ng Alumni Association nito, ng Araneta Center, Incorporated, at ng mga pintor na sangkot sa proyekto, bilang kolaborasyon ng akademya, civil society, negosyo, at sining. Interesanteng malaman kung alin sa mga sektor na ito ang mangingibabaw sa paghubog sa ideolohiyang politikal na nariyan sa apat na napiling mga obra. Ang Unibersidad ng Pilipinas Diliman ay kilala sa kritikal nitong paninindigan laban sa Batas Militar at iba pang mga katiwalian sa pamahalaan. Mataas ang tsansang ang Alumni Association at mga pintor na sangkot sa proyekto ay kumikiling din sa paninindigan ng kanilang unibersidad. Habang ang masalimuot na politikal na kulay ng Araneta Center, Incorporated, ay maaaring pragmatiko at bumabagay lamang sa ihip ng hangin. Mahalaga ring malaman ang ideolohiyang politikal ng permanenteng eksibit na Sining Saysay lalo na at ang Gateway Gallery at Gateway Mall ay mga dalawang kilometrong layo lamang sa makasaysayang lokasyon ng EDSA People Power Revolution, at may tatlong kilometrong layo lamang sa EDSA People Power Monument.


Sa usapin ng teorya, papatunayan ng papel na ito na ang balangkas nina Hans Slomp at Feorillo Demeterio na mabisa sa pagsusuri ng mga teksto ay mabisa ring gamitin sa pagsusuri ng sining biswal.

Matapos matukoy ang apat na sequential na obrang napapabilang sa Panahon ng Batas Militar hanggang sa Kasalukuyan, naghanap ang mga may-akda ng high resolution na mga imahen ng mga obrang ito. Nakailang beses na ring aktuwal na nakita ng mga may-akda ang buong Sining Saysay na eksibit noong bago pa man ang pandemya. May kopya rin ang mga may-akda ng librong *Sining Saysay: Philippine History in Art* ni Defeo na naglalaman ng malilinaw na imahen ng buong eksibit.

Dalawang teorya ang ginamit ng papel na ito para himayin ang mga nakakubling ideolohiyang politikal ng apat na napiling sequential na obra mula sa eksibit na Sining Saysay: ang semiolohiya ni Roland Barthes at ang modipikadong ideolohikal na ispektrum nina Hans Slomp at Feorillo Demeterio. Ang semiolohiya ni Barthes ay partikular na ginamit para matukoy ang mga historikal at kultural na icon na nilalaman ng apat na obra at maungkat ang mga dala-dala nitong ideolohikal na usapin. Ang modipikadong ideolohikal na ispektrum nina Slomp at Demeterio naman ay partikular na ginamit para uri-uriin ang mga ideolohikal na usaping naungkat mula sa mga natukoy na historikal at kultural na icon.

Ang semiolohiya ni Barthes ay matagumpay nang nagamit ng pangalawang may-akda ng papel nito para ungkatin ang mga ideolohikal na bagahe sa mga kanta ni Gloc-9 (Demeterio 2013), sa mga Youtube video ni Petra Mahalimuyak (Demeterio at Liwanag 2016), at sa mga litratong tungkol sa drug war na kuha ni Rafael Lerma (Demeterio 2020). Matagumpay ding ginamit ng dalawang may-akda ang nasabing teorya para ungkatin ang diskurso ng pagkabansa na nakakubli sa mga piling obra ng Sining Saysay (Capulla at Demeterio 2020). Nakabatay ang semiolohiya ni Barthes sa teorya ng *sign* ni Ferdinand de Saussure kung saan ang *sign* ay dinalumat bilang isang bagay na binubuo ng *signifier*, o ang biswal o *acoustic* na imahen, at *signified*, o ang konsepto o mental na imahen. Halimbawa, ang *sign* na "aso" ay binubuo ng signifier na pasulat o pabigkas na salitang "aso," at ng *signified* na konsepto ng aso. Ayon kay Barthes, may ilang *sign* na tumatayo bilang *signifier* sa isang panibagong *signified*. Halimbawa, ang imahen ng alambre ay maaaring intindihin bilang metal na panali ngunit maaari din itong intindihin bilang *sign* ng panggigipit at karahasan ng isang rehimen. Para kay Barthes ang mga espesyal na *sign* na ito ay maaaring magiging behikulo ng ideolohiya. Sa papel na ito, tinatawag na icon ang mga espesyal na *sign* na ito, at layunin ng papel na ito na ungkatin ang kani-kanilang mga ikinukubling ideolohikal na diskurso. Kung ang pinagkakaabalahan ni Barthes ay ang ikalawang saysay ng salitang ideolohiya ayon kina Raymund Geuss at Terry Eagleton, ibabaling ng papel na ito ang pokus sa ikatlong saysay ng salitang ideolohiya sa pamamagitan na rin ng paggamit sa modipikadong ideolohikal na ispektrum nina Slomp at Demeterio. Mayroong tatlong pundamental na saysay ang salitang "ideolohiya" sa librong *Ideology: An Introduction* (1991), na ipinaliwanag ng kritikong Ingles na si Eagleton at unang ikinonseptuwalisa ng kapwa pilosopong Ingles na si Guess: 1) ang positibo na kahalintulad sa antropolohikong kategoryang "worldview;" 2) ang peyoratibo na agarang kokondena sa ideolohiya bilang mali, baluktot, o mapanlinlang na kamalayan; at 3) ang deskriptibo na tumutukoy "sa isang kalipunan ng mga paniniwala na nagbubuklod at nagdudulot ng inspirasyon sa isang pangkat o uri para itaguyod ang politikal na interes na pinaniniwalaang kaaya-aya" (43-44).

Ang modipikadong ideolohikal na ispektrum nina Slomp at Demeterio ay unang binuo at matagumpay na ginamit ng pangalawang may-akda ng papel na ito sa kanyang pag-aaral tungkol sa ideolohiyang politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (Demeterio 2012), at muling matagumpay na ginamit sa kanyang pag-aaral sa mga nobela ni F. Sionil Jose (Felicilda at Demeterio 2019). Ipinapakita ng Pigura 1 ang nasabing modipikadong ideolohikal na ispektrum.




**Pigura 1:** Ang Ideolohikong Ispektrum na may Dalawang Dimensiyon na Unang Binuo ni Slomp at Minodipika ni Demeterio

Inirepresenta ng x aksis ang ispektrum mula sa pagiging progresibo, o ang paninindigan na naghahangad ng agarang pagbabago, patungo sa pagiging retrogresibo, o ang paninindigan na naghahangad na bumalik sa dating kaayusan. Inirepresenta naman ng y aksis ang ispektrum mula sa pagiging awtoritaryan, o paninindigang nagbibigay ng mas malaking halaga sa estado, patungo sa pagiging libertaryan, o paninindigang nagbibigay ng mas malaking halaga sa indibidwal. Mula sa kanilang x at y na mga aksis, nadalumat nina Slomp at Demeterio ang walong magkakaibang ideolohiyang politikal: 1) radikal na libertaryan, 2) radikal na awtoritaryan, 3) liberal na libertaryan, 4) liberal na awtoritaryan, 5) moderato, 6) konserbatibong libertaryan, 7) konserbatibong awtoritaryan, at 8) reaksiyonaryo (Demeterio 19).

Ang ideolohiyang radikal na libertaryan ay isang paninindigang “pumapabor sa madalian at malalimang progresibong naghahangad ng pagbabago samantala nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal at isang halimbawa nito ang sosyalismong demokratiko na nakabatay sa Marxistang prinsipyong “matapos ang rebolusyon ng proletarya, dapat pamunuan ng isang demokrasya ng masa ang lipunan” (20). Ang ideolohiyang radikal na awtoritaryan ay isang paninidigang “pumapabor sa madalian at malalimang progresibong naghahangad ng pagbabago habang nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado” at isang halimbawa nito ang komunismo na nakabatay sa Leninistang pananaw na “matapos ang rebolusyon ng proletarya, dapat pamunuan ng isang diktadurang awtoritaryo ang lipunan” (20).

Ang ideolohiyang liberal na libertaryan ay isang paninindigang “pumapabor sa kalkulado at kontroladong progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal” at isang halimbawa nito ang ideolohiya ng klasikong

liberalismong "naniniwalang ang estado ang umaapi sa mga tao kaya dapat limitahan ang kapangyarihan at kontrol nito" (20). Ang ideolohiyang liberal na awtoritaryan ay isang paninindigang "pumapabor sa kalkulado at kontroladong progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado"at isang halimbawa nito ang ideolohiya ng kontemporaneong liberalismong "naniniwalang kailangan pa rin ng estado ang pagsasaayos at pag-oorganisa ng mga gawain at inisyatiba ng mga indibidwal" (21). Ang ideolohiyang moderato ay isang paninindigang mabusising kumikilatis sa pangangailangan ng pagbabago at ng mga benepisyo ng kasalukuyang kaayusan. Kaya sa kagustuhan ng paninindigang ito na masuri nang mabuti ang magkabilang panig ng bawat usapin, napagpasiyahan ni Demeterio na walang masyadong kabuluhang magsagawa pa ng distinsiyon sa pagitan ng pagiging moderatong liberal at moderatong awtoritaryan (21).

Ang ideolohiyang konserbatibong libertaryan ay isang paninindigang "sumasang-ayon sa kasalukuyang kaayusan habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal" at isang halimbawa nito ang makakanang liberalismong umiiral sa Hilagang Amerika at Europa (21). Ang ideolohiyang konserbatibong awtoritaryan ay isang paninindigang "sumasang-ayon sa kasalukuyang kaayusan habang nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado" at pinakamalalang halimbawa nito ang ideolohiya ng pasismo (21). Ang ideolohiyang reaksiyonaryo ay isang paninindigang "pumapabor sa isang retrogresibo o paurong na pagbabago" (22). Kaya sa kagustuhan ng paninindigang ito na balikan ang lumang kaayusan, napagpasiyahan ni Demeterio na wala masyadong kabuluhang magsagawa pa ng distinsiyon sa pagitan ng pagiging reaksiyonaryong libertaryan at reaksiyonaryong awtoritaryan (22).

May apat na substantibong seksiyon ang papel na ito na sumusuri sa ideolohiyang politikal ng apat na napiling obra mula sa eksibit na Sining Saysay. Ang bawat isa sa seksiyong ito ay magpapakilala sa pintor na lumikha ng tiyak na obra, magmamapa sa mga icon na nilalaman ng tiyak na obra, magsasagawa ng semiotikong pagsusuri sa mga namapang icon, at magbibigay ng paglalagom.

## Liberal na Libertaryan sa Obrang "Martial Law in the Philippines" ni Pablo Baen Santos

Si Santos ay ipinanganak noong 1943 at nagtapos ng Batsilyer sa Fine Arts sa Unibersidad ng Pilipinas noong 1967. Nagtrabaho siya bilang photographer at ilustrador sa *The Manila Times,* at naging manunulat at ilustrador sa *Taliba ng Bayan*, ang kauna-unahang underground na diyaryo na kumalat noong idineklara ang Batas Militar. Noong 1976, isa si Santos sa mga nagtatag ng *Kaisahan,* isang grupo ng mga manlilikha na kumikilos para demokratikong kalayaan. Kasapi rin

siya sa grupong *Concerned Artist of the Philippines*. Kilala si Santos bilang isa sa mga pangunahing tagapagtaguyod ng social realism sa bansa.

Ipinapakita ng Imahen 1 ang obrang "Martial Law in the Philippines," minamapa naman ng Pigura 2 ang mga klaster ng icon na nilalaman ng obrang ito. Collage ang estilo ng komposisyon ng obrang ito na kahawig sa estilo ng komposisyong kadalasang ginamit ng modernistang si Carlos "Botong" Francisco.




**Imahen 1:** Ang Obrang "Martial Law in the Philippines" ni Santos (Ramos 2015)




**Pigura 2:** Biswal na Pagmamapa sa mga Klaster ng Icon na Nilalaman sa Obrang "Martial Law in the Philippines"

Ayon sa Pigura 2, may walong klaster ng icon ang nasabing obra: A) ang mga pang-aabuso sa karapatang pantao na umiral sa ilalim ng Batas Militar, B) ang pagkilos ng sektor ng mga manggagawa, C) ang pag-usbong ng sesesyunistang kilusan ng mga Pilipinong Muslim, D) ang pagkilos ng sektor ng mga pari at relihiyoso, E) ang mga adhikain ng dating Unang Ginang na si Imelda Marcos, F) ang paglaganap ng komunismo, G) ang pagkilos ng sektor ng mga mag-aaral, at H) ang pagbombang nangyari sa Plaza Miranda. Ipinapakita ng Talahanayan 2 ang mga tiyak na icon na nilalaman ng nabanggit nang walong klaster.

**Talahanayan 2:** Mga Tiyak na Icon na Nilalaman ng Pitong Klaster sa Obrang "Martial Law in the Philippines"

| Klaster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Klaster A:** Pang-aabuso sa karapatang pantao sa ilalim ng Batas Militar | Ang pagtanggap sa mito ay humantong sa tagumpay ng propaganda na nakasalalay sa naratibong muling pagsilang: nanganganib na pambansang kamalayan, purgasyon, at muling pagkabuhay. Hindi matatag ang lipunan at mayroong pisikal na pananakot kaya napasailalim sa Batas Militar. Sa umpisa maayos ang mga daan. Hanggang sa nagkatotoo ang banta ng imperyalismo at mga oligarko (*cronies* ni Marcos) at lalong lumakas ang komunismo—Instik na Komunismo na nagtaguyod ng pagkamuhi ng uri upang hatiin ang bansang Pilipino at itanim ang antagonismo at anarkiya. Marami ang pinaghinalaang Pilipino kaya sinapit ang mga karumaldumal na karanasan. | • Frontpage ng *Sunday Express* na nag-uulat sa deklarasyon ng Batas Militar<br>• Bangkay ng isang babae<br>• Babaeng nakahubad<br>• Mga batang umiiyak<br>• Biktima ng torture<br>• Mga biktima ng police brutality<br>• Magsasakang tumatakas<br>• Aktibistang tumatakas<br>• Barbed wire |
| **Klaster B:** Pagkilos ng sektor ng mga manggagawa | Sa Batas Militar, nagmarka ito ng seryosong dagok sa independiyenteng unyonismo na hanggang noon, ay protektado bilang bahagi ng isang demokratikong lipunan at apektado ang mga manggagawa. Sa kontekstong ito, ang materyal na kondisyon ng mga manggagawa ay lubos na kabaligtaran sa marangyang kasaganaan ng crony kapitalismo kaya ito ang ilan sa mga salik na nagtulak sa mga manggagawa na labanan ang diktadurang Marcos. | • Isang nagaganap na rally<br>• Bandilang may inisyal ng National Labor Union Center<br>• Plakard na may mukha ni Che Guevarra<br>• Bandilang may sagisag ng Komunismo |

| Klaster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Klaster C:** Pag-usbong sa Sesesyunistang Kilusan ng mga Pilipinong Muslim | Ang MNLF na sa ugnayang nilikha nito sa makakaliwang armadong kilusan, pareho ang kanilang kaaway bagaman iba-iba ang kanilang mga ideolohiya. Ang mahalaga ay pareho ang kanilang pinag-ugatan at ang layuning pagsasarili. | • Imahen ni Nur Misuari<br>• Imahen ng isang mandirigma ng Bangsamoro |
| **Klaster D:** Pagkilos ng sektor ng mga pari at relihiyoso | Bagaman sa pagiging laganap nito, hindi nagkaisa ang pananaw ng hirarkiya ng Katoliko sa Batas Militar. Ang dalawang pangunahing organisasyon sa Simbahan ay ang 1) Association of Major Religious Superiors in the Philippines (AAMRSP) na mas bata, mas action-oriented ang kasapian, hindi nag-aalinlangang pumupuna sa mga programa ng gobyerno at mga pang-aabuso sa batas militar", mga radikal na bumuo ng Task Force Detainees para ipagtanggol ang mga bilanggong politikal at ang 2) Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP). | • Isang nagaganap na ally<br>• Kamay na may hawak na pulang krus |
| **Klaster E:** Mga adhikain ng dating Unang Ginang na Imelda Marcos | Ang pagkahumaling ni Imelda sa "The True, the Good, and the Beautiful"—ang kanyang slogan sa ilalim ng tinatawag na Bagong Lipunan. Sa kanilang pagsasamantala sa kaalamang ito ay masasabing nakatulong sa kanilang rehabilitasyon sa politika. | • Imahen ni Imelda Marcos bilang engkantada<br>• Magic wand<br>• Ribbon na may nakasulat na "The True, the Good, and the Beautiful" |
| **Klaster F:** Paglaganap ng Komunismo | Ang Maoist-oriented na paksiyon ng kabataan at Communist Party of the Philippines o CPP ay pumapabor sa bagong estado ng manggagawa, pagpapaalis ng impluwensiya ng U.S., paglaban sa kolonyalismo at mga elit. Hinimok ang mga magsasaka at mga partidong aktibista na magtulungan para sa kanilang kapakanan kaya nakakuha ng momentum mula sa *First Quarter Storm o Unang Sigwa*, nagprotesta at hiniling ang pagbabago sa saligang batas. Galit sila sa brutal na pagpigil ni Marcos sa mga demonstrasyon kaya umanib ang iba sa CPP-NPA. | • Imahen ni Jose Maria Sison<br>• Imahen ni Mao Zedong<br>• Mga Komunistang mandirigma |

| Klaster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Klaster G:** Pagkilos ng sektor ng mga mag-aaral | Mabilis ang pagtaas ng protesta ng mga estudyante sa huling bahagi ng dekada sisenta. Dumami ang mga marahas na kilos protesta laban sa rehimen (1970). Ang UP ang pugad ng aktibismo kasali ang Mapua Institute of Technology, Far Eastern University, Lyceum of the Philippines, De la Salle College, Ateneo de Manila, University of Santo Tomas at San Beda College. | • Nagaganap na rally<br>• Isang fire truck na naagaw ng mga mag-aaral |
| **Klaster H:** Pagbombang nangyari sa Plaza Miranda | Nakahanap ng dahilan si Pangulong Marcos na ideklara ang Batas Militar dahil sa pambobomba sa Plaza Miranda at tiyak na may alam si Ninoy Aquino nito dahil huli siyang dumating at tapos na ang pangyayari ayon sa mga salaysay. | • Granada<br>• Isang nakamaskarang lalaki<br>• Imahen ng dating Senador Benigno Aquino, Jr. |


Ang klaster A ay ang sentro ng obra, at malinaw na tinugis nito ang mga pang-aabuso sa karapatang pantao na umiral sa ilalim ng Batas Militar. Ang klaster B, C, F, at G ay nagkukuwento sa mga dahilang ginamit ng diktador na si Ferdinand Marcos para ideklara ang Batas Militar. Ang klaster H ay isa rin sa mga ginagamit na dahilan para sa nasabing deklarasyon, habang ang klaster D ay isa rin sa mga salik na nagmulat sa ilang rural na mamamayan tungkol sa kamaliang lumalaganap sa umuusbong pa lamang na diktadura. Ang klaster E ay isang pagpuna sa adhikain ni Ginang Imelda Marcos tungkol sa katotohanan, kabutihan, at kagandahan. Kapansinpansing hindi naipakita ng obra ang isa pang ginamit na dahilan ng diktador para ideklara ang Batas Militar, ang lobo ng kapangyarihan ng mga oligarko. Kapansin-pansin ding iniugnay ng obra, sa klaster H, ang dating Senador na si Benigno Aquino, Jr. sa karahasang nangyari sa Plaza Miranda.

Kapag ang x aksis ng modipikadong ispektrum nina Slomp at Demeterio ang pag-uusapan, nilalayon ng obrang “Martial Law in the Philippines” na mulatin ang mga mata ng mga kasalukuyang Pilipino na huwag maging kampante at baka dumausdos ang bayan pabalik sa malagim na diktadura. Para sa mga Pilipinong naniniwala sa pekeng kuwento na mas maginhawa ang buhay noong Batas Militar, tila isinasampal ng obra sa kanilang mga mukha ang klaster E na nagpapakita kay Ginang Marcos bilang mapanlinlang na engkantada. Ibig sabihin nito ay hindi moderato ang ideolohikal na paninindigan ng obrang ito dahil ang kasalukuyang kaayusan ay hindi sapat para harapin ang banta ng panibagong diktadura. Dapat palakasin pa ng bayan ang mga demokratikong estruktura nito para hindi manunumbalik ang bangungot na dala-dala ng Batas Militar. Kaya masasabing

liberal ang kinatatayuan ng nasabing obra sa x aksis nina Slomp at Demeterio. Ang mga icon ng radikalismong ipinapakita ng klaster C, F, at G ay nariyan lamang para maikuwento ang konteksto ng Batas Militar. Hindi nagpapahiwatig ang mga icon na ito na isinusulong ng obra ang radikal na paninindigan.

Kapag ang y aksis ng modipikadong ispektrum nina Slomp at Demeterio ang pag-uusapan, ang pagkundena ng nasabing obra sa awtoritaryanismo ng diktadurang Marcos ay nagpapahiwatig na ang nasabing obra ay may libertaryang paninindigan. Partikular itong ipinapakita sa pagtugis ng obra sa mga pang-aabuso sa karapatang pantao na umiral sa ilalim ng Batas Militar.

Sa modipikadong ispektrum nina Slomp at Demeterio, masasabing liberal na libertaryan ang kabuuang ideolohikal na paninindigan ng obrang "Martial Law in the Philippines," at biswal na ipinapakita ito ng Pigura 3.




**Pigura 3:** Ang Kabuuang Ideolohikal na Paninindigan sa Obrang "Martial Law in the Philippines"

Binabatikos ng obrang ito ang konserbatibong awtoritaryang paninindigan ng diktadurang Marcos, at walang malinaw na pag-endorso ang parehong obra sa mga ipinapakitang radikal na libertaryan, o radikal na awtoritaryang paninindigan.

## Radikal na Libertaryan sa Obrang "Filipinos Unite to End Martial Law" ni Angel Cacnio

Si Cacnio ay ipinanganak noong 1931 sa Lungsod ng Malabon at nagtapos ng Batsilyer sa Fine Arts sa Unibersidad ng Pilipinas noong 1954. Napanalunan niya ang Shell National Students Art Competition noong 1953. Nagtrabaho siya sa *Ramon Roces Publication* at sa *Liwayway*. Napanalunan din niya ang *Apolinario Mabini Centennial Art Competition* noong 1964. Si Cacnio ang nagdesenyo ng baryang bentesingko at singkwenta sentimo at ng bente at isandaang pisong papel noong dekada otsenta. Kilala si Cacnio sa kanyang mga obrang nakabatay sa mga

temang pamana at kulturang Pilipino. Nabanggit na sa introduksiyon na si Cacnio ang pinakamatanda sa tatlumpu't dalawang pintor na kasama sa Sining Saysay. Nitong 2021 ay pumanaw siya sa edad na 90.

Ipinapakita ng Imahen 2 ang obrang "Filipinos Unite to End Martial Law". Minamapa naman ng Pigura 4 ang mga klaster ng icon na nilalaman ng obrang ito. Collage din ang estilo ng komposisyon ng obrang ito.




**Imahen 2:** Ang Obrang "Filipinos Unite to End Martial Law" ni Cacnio (Ramos 2015)




**Pigura 4:** Biswal na Pagmamapa sa mga Klaster ng Icon na Nilalaman sa Obrang "Filipinos Unite to End Martial Law"

Ayon sa Pigura 4, may anim na klaster ng icon ang nasabing obra: A) ang panunumpa ng dating Pangulong Corazon Aquino, B) ang relihiyosong dimensiyon ng EDSA People Power Revolution, C) ang paglisan ng diktador na Marcos at ng kanyang pamilya sa Malacañang, D) mga loyalistang sundalo, E) ang mga pinunong militar na bumaling ng suporta sa lehitimong pamahalaan, at F) ang pagpaslang ng dating Senador Benigno Aquino, Sr. Ipinapakita ng Talahanayan 3 ang mga tiyak na icon na nilalaman ng nabanggit nang anim na klaster.

**Talahanayan 3:** Mga Tiyak na Icon na Nilalaman ng Anim na Klaster sa Obrang "Filipinos Unite to End Martial Law"

| Klaster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Klaster A:** Panunumpa ng dating Pangulong Corazon Aquino | Si Pangulong Corazon Aquino na naging icon ng demokrasya dahil sa tulong niya sa pagwakas ng Batas Militar ay nakadilaw na nanumpa bilang bagong pangulo ng Pilipinas at mapangahas na pinanguhan ang bansa kasama ang taumbayang punong-puno ng pag-asa at pananabik sa darating na pagbabago. | • Imahen ng dating Pangulong Corazon Aquino<br>• Imahen ng Supreme Court Justice Claudio Teehankee<br>• Imahen ng ina ng dating Senador na Benigno Aquino, Jr. |
| **Klaster B:** Relihiyosong dimensiyon ng EDSA People Power Revolution | Mahalaga ang papel ni Cardinal Jaime Sin sa Rebolusyong EDSA ng 1986. Hinikayat niya ang mga Katoliko na sumama sa EDSA kaya dumagsa ang nakisimpatyang libo-libong tao at nanawagan na protektahan ang mga *detractor* ni Marcos. Lumuhod ang mga madre at nagrosaryo, nagkapit-bisig lahat at hinarap at hinarangan ang mga tangke ng militar. | • Mga poon ng Birheng Maria<br>• Imahen ni Jaime Cardinal Sin<br>• Imahen ng isang obispo<br>• Mga madreng nagdarasal<br>• Dalawang raliyista |
| **Klaster C:** Paglisan ng Diktador at ng kanyang pamilya sa Malacañang | Winakasan ang rehimeng Marcos sa mapayapang rebolusyon at pag-alis ng helikopter na nagtuldok sa mahabang panahong pagkaalipin at pagharap sa bagong kalayaan. | • Imahen ng diktador na Marcos<br>• Pamilya ng diktador na Marcos<br>• Helikopter |
| **Klaster D:** Mga loyalistang sundalo | Hindi nagtagumpay ang mga sundalo na palayasin at puksain ang mga rebeldeng sundalo dahil binarikadahan sila upang ipagtanggol ng taumbayang handang mamatay. Ang mga katakot-takot na mga tangke ay sumisimbolo ng lakas ni Marcos na hindi magtatagumpay dahil maraming inosente ang pwedeng mamamatay. | • Dalawang armadong sundalo<br>• Tangke |


| Klaster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Klaster E:** Mga pinunong militar na bumaling ng suporta sa lehitimong pamahalaan | Sina Enrile, Ramos at Honasan ay may iba't ibang papel upang patalsikin si Marcos at magtatag ng bagong gobyernong nakasentro sa demokrasya. Dahil naharap sa napipintong pagdakip sa kanya, tumakas si Enrile sa Camp Aguinaldo at humingi ng tulong kina Ramos, Cardinal Sin, U.S. Ambassador Stephen Bosworth at ng "people power", habang si Ramos ay lumipat sa Camp Crame upang gamitin ang *field communications system* para utusan at hikayatin ang mga *front-line* na kumander na sumali sa kanya. Si Honasan ay isa sa mga lider ng RAM na tumiwalag sa gobyerno. | • Imahen ng dating Pangulong Fidel Ramos<br>• Imahen ng dating Senador Juan Ponce Enrile<br>• Imahen ng dating Senador Gregorio Honasan |
| **Klaster F:** Pagpaslang sa dating Senador Benigno Aquino, Jr. | Nakabulagta ang katawan ni Ninoy Aquino na pinaslang sa tarmac ng Manila International Airport at hindi naihatid ang kanyang talumpating nagtapos sa pahayag na "The Filipino is worth dying for." | • Bangkay ng dating Senador Benigno Aquino, Jr.<br>• Sundalo |

Ang klaster A at B ay ang sentro ng obra, at malinaw na inindorso nito ang mapayapang rebolusyong nagpatalsik sa diktadurang Marcos. Kung ang lawak ng sinasakop na espasyo at dami ng nilalamang tiyak na icon pagbabatayan, mas nananaig pa nga bilang sentro ang obra ang klaster B, at ito ay nagpapahiwatig sa matingkad na relihiyosong kulay ng nasabing mapayapang rebolusyon. Ang klaster F ay nagkukuwento sa isang malagim na pangyayaring pumukaw sa politikal na pakikibaka ng maraming Pilipino. Nagkakataong sa halos parehong lokasyon sa panel, kung saan inuugnay ng obrang "Martial Law in the Philippines" ang imahen ng dating Senador Benigno Aquino, Jr. sa madugong pambobombang nangyari sa Plaza Miranda ay tinubos ng obrang "Filipinos Unite to End Martial Law" ng nasabing dating senador. Nagkakataon ding parehong sa ika-21 ng Agosto nangyari ang dalawang magkahiwalay na pangyayari. Ang klaster E ay nagpapahayag sa krusyal na ambag ng mga pinunong militar na bumaling sa kanilang suporta mula sa tinutugis na diktadura papunta sa lehitimong pamahalaan. Ang klaster D ay nagsasalaysay tungkol sa mga loyalistang puwersang nakaambang lumusob sa pinagkukutahan ng mga puwersang bumaling na sa lehitimong pamahalaan. Ang klaster C ay nagkukuwento sa paglisan ng diktador at ng kanyang pamilya sa Malacañang papuntang Clark Air Base, kung saan tutulak naman ang mga ito papuntang Guam at Hawaii.

Kapag ang x aksis ng modipikadong ispektrum nina Slomp at Demeterio ang pinag-uusapan, nilalayon ng obrang "Filipinos Unite to End Martial Law" na suportahan ang mapayapang rebolusyon. Tila binubura na nito ang diktadurang ipinapakita sa klaster C, at inilagay sa sentro ang panunumpa ng dating Pangulong Aquino sa klaster A. Ipinapahiwatig pa ng pagdugtong ng klaster A at B na isang makadiyos na gawain ang nasabing rebolusyon.  Kaya masasabing radikal ang kinatatayuan ng nasabing obra sa x aksis nina Slomp at Demeterio. Hindi lingid sa kaalaman ng marami na naging isang contested na diskurso ang naratibong isinusulong ng nasabing obra, lalo na ngayon sa panahon ng rehimeng Duterte kung kailan kinikilingan ng kasalukuyang Pangulo ang pamilya ng yumaong diktador, at nilalait ang kulay dilaw na unang naging sagisag para sa sigaw ng mga Pilipino para sa hustisya sa pagpaslang kay dating Senador Benigno Aquino, Jr.

Kapag ang y aksis ng modipikadong ispektrum nina Slomp at Demeterio ang pag-uusapan, ang pagkundena rin ng nasabing obra sa awtoritaryanismo ng diktadurang Marcos at ang pag-endorso nito sa mapayapang rebolusyon ay nagpapahiwatig sa isang pagpapahalaga sa mga indibidwal. Kaya masasabing may libertaryang paninindigan ang obrang "Filipinos Unite to End Martial Law."

Sa modipikadong ispektrum nina Slomp at Demeterio, masasabing radikal na libertaryan ang kabuuang ideolohikal na paninindigan ng obrang "Filipinos Unite to End Martial Law," at biswal na ipinapakita ito ng Pigura 5.




**Pigura 5:** Ang Kabuuang Ideolohikal na Paninindigan  ng Obrang "Filipinos Unite to End Martial Law"

Binatibatikos din ng obrang ito ang konserbatibong awtoritaryan na paninindigan ng diktadurang Marcos.


## Pagitan ng Radikal na Libertaryan at Liberal na Libertaryan sa Obrang "Ramos-Estrada Administration" ni Michael Velasco

Si Velasco ay ipinanganak noong 1980 at unang nag-aral ng nutrition at dietetics sa Pamantasang Centro Escolar, ngunit lumipat sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman para magtapos ng Batsilyer sa Fine Arts noong 2003. Ang kanyang unang nasungkit na komisyon ay ang paggawa ng may dalawandaan na miniature na obra para sa kompanyang Coco Life Philippines. Kasapi si Velasco sa Filipino Portrait Artist Group, Incorporated. Kilala siya bilang espesyalista sa pagpinta ng mga portrait, sa mga temang may kinalaman sa katawan ng babae, at sa kanyang paggamit ng ginto at pilak na dahon sa kanyang mga obra.

Ipinapakita ng Imahen 3 ang obrang "Ramos-Estrada Administration," minamapa naman ng Pigura 6 ang mga klaster ng icon na nilalaman ng obrang ito. Collage pa rin ang estilo ng komposisyon ng obrang ito, ngunit litaw na litaw ang kahusayan ni Velasco sa pagpinta ng mga portrait.




**Imahen 3:** Ang Obrang "Ramos-Estrada Administration" ni Velasco (Vedad 2015)




**Pigura 6:** Biswal na Pagmamapa sa mga Klaster ng Icon na Nilalaman sa Obrang "Ramos-Estrada Administration"

Ayon sa Pigura 6, may labing-anim na klaster ng icon ang nasabing obra: A) jeep ni Erap, B) mga imahen ng dating Pangulong Fidel Ramos, C) imahen ng dating Pangulong Joseph Estrada, D) isang politikal na rally, E) imahen ng light rail na tren, F) imahen ng programang pangnutrisyon ng dating Pangulong Estrada, G) imahen ng programang pang-edukasyon ng dating Pangulong Estrada, H) imahen ng programang pang-agrikultura ng dating Pangulong Estrada, I) imahen ng mga construction worker, J) pagkakamayan ng dating Pangulong Ramos at dating Pangulo ng Tsina na si Jiang Zemin, K) imahen ng isang tren, L) imahen ng programang pang-agrikultura ng dating Pangulong Ramos, M) pagkakamayan ng dating Pangulong Ramos at Nur Misuari, N) imahen ng programang pang-enerhiya ng dating Pangulong Ramos, O) islogan ng programang pangkaunlaran ng dating Pangulong Ramos, at P) imahen tungkol sa Philippine Centennial International Exposition. Nasa kanang bahagi ng obra ang icon tungkol sa panunungkulan ng dating Pangulong Ramos, habang nasa kaliwang bahagi naman ang mga icon tungkol sa panunungkulan ng dating Pangulong Estrada. Ipinapakita ng Talahanayan 4 ang mga tiyak na icon na nilalaman ng nabanggit nang labing-anim na klaster.

**Talahanayan 4:** Mga Tiyak na Icon na Nilalaman ng Anim na Klaster sa Obrang "Ramos-Estrada Administration"

| Klaster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Klaster A:** Jeep ni Erap | Ang mabuting dyip o ang progresibong bansa ay makapangyarihang dumedepende sa *steering power* ng drayber—ang *Chief Executive* na mismo ang Pangulo ng Pilipinas. | • Imahen ng dating Pangulong Ramos<br>• Imahaen ng dating Pangulong Estrada<br>• Jeepney |
| **Klaster B:** Dating Pangulong Fidel Ramos | Dating Pangulong Ramos, inilahad nito ang isang krus na sumisimbolo sa kanyang pagiging Protestanteng Kristiyano. | • Mga imahen ng dating Pangulong Ramos<br>• Krus |
| **Klaster C:** Dating Pangulong Joseph Estrada | Dating Pangulong Estrada, inilahad ang kanyang pagpapahalaga sa mga mahihirap. | • Imahen ng dating Pangulong Estrada |
| **Klaster D:** Isang politikal na rally | Nagpapaalala sa kabayanihang nagawa ng dating Pangulong Ramos noong EDSA People Power Revolution kung saan napatalsik si dating Pangulong Marcos. | • Imahen ng mga kaalyado ng dating Pangulong Ramos<br>• Pagsasadula ng pagtalon ng dating Pangulong Ramos noong EDSA People Power Revolution |

| Klaster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Klaster E:** Manila Metro Rail Transit System (MRTS or MRT) | Ang MRT (L3) ay kasama sa proyekto ni dating Pangulong Estrada noong 1999 at binuksan noong 2000. | • Imahen ng Manila Metro Rail Transit System |
| **Klaster F:** Programang pangnutrisyon ng dating Pangulong Estrada | May programa si dating Pangulong Estrada na *Sustansya para sa Masa* at *Garantisadong Pambata Program* at sa naitatag na National Anti-Poverty Commission ("Erap para sa Mahirap"). Tinutukan nito ang mga batayang pangangailangan ng mga mahihirap tulad ng pabahay, kalusugan, edukasyon at trabaho. | • Imahen ng magsasaka<br>• Imahen ng mga batang nagtatanim |
| **Klaster G:** Programang pang-edukasyon ng dating Pangulong Estrada | Ang proyekto ni dating Pangulong Estrada para sa edukasyon ng mga kabataang Pilipino. | • Imahen ng dating Pangulong Estrada na namimigay ng bag<br>• Imahen ng mga batang mag-aaral |
| **Klaster H:** Programang pang-agrikultura ng dating Pangulong Estrada | Itinatag ni dating Pangulong Estrada ang *Programang Agrikulturang Pagmasa* para mapalakas ang produksiyon at maging sapat ang panustos ng bigas at mais. Namigay siya at kinatawan ng Departamento ng Agrikultura ng kalabaw para sa pangkabuhayan at pang-agrikultura ng mga magsasaka. | • Imahen ng dating Pangulong Estrada na namimigay ng kalabaw<br>• Imahen ng dalawang magsasaka |
| **Klaster I:** Mga construction worker | May proyekto si Dating Pangulong Estrada na "JEEP NI ERAP" Justice (Katarungan) Economy (Kabuhayan) Environment (Kapaligiran) Peace (Kapayapaan). | • Imahen ng tatlong construction worker |
| **Klaster J:** Pagkakamayan nina dating Pangulong Ramos at dating Pangulo ng Tsina na si Jiang Zemin | Si Ramos at ang *state visit* ni Jiang Zemin mula Tsina pagkatapos ng Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) Economic Leaders Meeting noong 1996. Nagka-usap din ang mga senyor na opisyal ng Tsina at Pilipinas kung paano maiwasan ang hidwaan at palawigin ang kooperasyon sa South China Sea. | • Imahen ng dating Pangulong Ramos<br>• Imahen ng dating Pangulo ng Tsina na si Jiang Zemin |
| **Klaster K:** Tren | Itinatag ang MMDA noong 1995 upang matugunan ang "*transport at traffic management*" sa Kalakhang Maynila, bukod sa iba pa at sa ilalim ng RA 7294 na nilagdaan ni Pangulong Ramos ang kasama sa gawain ng MMDA. Napakahalaga ng "probisyon para sa *mass transport system.*" | • Imahen ng isang tren |


| Klaster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Klaster L:** Programang pang-agrikultura ng dating Pangulong Ramos | Maganda ang adhikain ni Pangulong Ramos sa agrikultura sa paglunsad ng *Medium-term Agricultural Development Plan*. Gumabay ang Departamento ng Agrikultura para sa inobatibong lapit sa pag-unlad ng agrikultura. Mayroon pang *Grains Production Enhancement Program* para matugunan ang pangangailangan sa bigas at mais. Ang pagbigay ng gobyerno ng lupain at pampublikong ari-arian nito noong 1994 ang malaking nagawa ng Department of Agrarian Reform para sa mga magsasaka. | • Imahen ng isang magsasaka<br>• Imahen ng isang kamay na may hawak na binhi |
| **Klaster M:** Pagkakamayan nina dating Pangulong Ramos at Nur Misuari | Nagkaroon ng kasunduan si Misuari at ang Pilipinas na panatilihin ang integridad ng teritoryo ng bansa habang binigay ang kahilingan ng MNLF para sa transisyong kaayusan kasama ang malaking bahagi ng Mindanao na pangasiwaan ng Development Council na pinamunuan ni Misuari at natanggap ni Ramos ang 1997 UNESCO Peace Award. | • Imahen ng dating Pangulong Ramos<br>• Imahen ni Misuari |
| **Klaster N:** Programang pang-enerhiya ng dating Pangulong Ramos | Hindi lamang nilikha ng Kongreso ang Kagawaran ng Enerhiya ngunit binigyan ang Pangulo ng mga espesyal na kapangyarihang pang-emerhensiya upang malutas ang krisis sa kuryente.<br><br>Pagkatapos ng 1997 Asian Financial Crisis nagkaroon ng problema dahil bumaba ang halaga ng piso sa kalahati at ang lokal na presyo para sa kinontratang kuryente ay dumoble kaya nagresulta ito sa pagiging pangalawa ng Pilipinas sa pinakamataas na presyo ng kuryente sa Asya. | • Selyo ng Departamento ng Enerhiya<br>• Tore para sa kable ng kuryente |
| **Klaster O:** Islogan ng programang pangkaunlaran ng dating Pangulong Ramos | Ang Philippines 2000 ay isang sosyo-ekonomikong programa ni Ramos na napakadakilang pamana niya na may layuning maging Newly Industrialized Country (NEC) ang Pilipinas. | • Ribbon na may Nakasulat na “Philippines 2000” |
| **Klaster P:** Philippine Centennial International Exposition | Ang proyektong Centennial Expo at Amphitheater sa dating Clark Air Base sa Angeles City, Pampanga ay nabalot sa kontrobersiya at kinasuhan ang mga maysala ng korapsiyon at ilegal na pagkampanya base sa report ng Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ). | • Amphitheater ng Philippine Centennial International Exposition sa Clark Air Base |

Ang klaster A, B, at C ang nasa sentro ng obra. Sa panig ng dating Pangulong Ramos, inilahad nito ang isang krus na nagsisimbolo sa kanyang pagiging Protestanteng Kristiyano na may pahiwatig sa kanyang kinatatayuan labas sa mas konserbatibong kulay ng Simbahang Katoliko. Sa panig naman ng dating Pangulong Estrada, inilahad ang kanyang pagpapahalaga sa mga mahihirap gamit ang simbolismo ng Jeep ni Erap, ang pang araw-araw na transportasyon ng masang Pilipino. Nagkukuwento ang klaster J, K, L, M, N, O, at P sa mga reporma at proyektong nagawa ng administrasyong Ramos, lalo na sa usapin ng enerhiya, ekonomiya, peace process, agrikultura, at internasyunal na pakikipag-ugnayan. Matatandaang ang mga substantibong reporma para matugunan ang suliranin ng isang bansang winasak ng diktadurang Marcos ay nangyari sa administrasyong Ramos. Ang klaster P ay nagpapahiwatig sa mga anomalyang nakadikit sa alaala ng Philippine Centennial International Exposition. Ang klaster D ay nagpapaalala naman sa kabayanihang nagawa ng dating Pangulong Ramos noong EDSA People Power Revolution. Nagkukuwento ang klaster E, F, G, H, at I sa mga proyektong nagawa ng administrasyong Estrada, lalo na sa usapin ng paglutas ng kahirapan. Mahalagang banggitin na tahimik ang obrang ito sa iskandalong kinasangkutan ng dating Pangulong Estrada na nagresulta sa kanyang paglisan sa Malacañang, matapos ang mahigit dalawang taon lamang na panunungkulan. Mas pinapahalagahan ng obra ang naratibo tungkol sa pagpapahalaga ng dating Pangulong Estrada sa mahihirap, kaysa pagkakasangkot niya sa nasabing iskandalo. Mas nagpahiwatig pa ang obra sa anomalyang nakadikit sa Philippine Centennial International Exposition ng administrasyong Ramos kaysa mas maingay na kaso na kumitil sa buhay ng administrasyong Estrada.

Kapag ang x aksis ng modipikadong ispektrum nina Slomp at Demeterio ang pinag-uusapan, ipinagmamalaki ng obrang "Ramos-Estrada Administration" ang mga liberal na repormang isinulong ng administrasyong Ramos, iniindorso din ng parehong obra ang mga ipinangakong mas radikal na reporma ng administrasyong Estrada para umabot sa masang Pilipino ang anumang pang-ekonomikong kaunlaran ang makakamtan ng bansa. Matatandaang hindi naging kumportable ang mga elitistang Pilipino sa makamasang naratibong isinusulong ng dating Pangulong Estrada. Kaya masasabing ang kabuuang kinatatayuan ng obra sa x aksis nina Slomp at Demeterio ay nasa pagitan ng radikal at liberal na paninindigan.

Kapag ang y aksis ng modipikadong ispektrum nina Slomp at Demeterio ang pag-uusapan, ang pagpahalaga ng administrasyong Ramos sa prosesong pangkapayapaan at ang pagsusulong ng administrasyong Estrada para dalhin ang kaunlaran sa antas ng masang Pilipino ay nagpapahiwatig ng pagpapahalaga sa mga indibidwal. Kaya masasabing may libertaryang paninindigan din ang obrang "Ramos-Estrada Administration."

Sa modipikadong ispektrum nina Slomp at Demeterio, masasabing nasa pagitan ng radikal na libertaryan at liberal na libertaryan ang kabuuang ideolohikal na paninindigan ng obrang "Ramos-Estrada Administration," at biswal na ipinapakita ito ng Pigura 7.




**Pigura 7:** Ang Kabuuang Ideolohikal na Paninindigan ng Obrang "Ramos-Estrada Administration"


## Liberal na Libertaryan sa Obrang "Restoration of Democracy Continues" ni Grandier Bella

Si Bella ay ipinanganak noong 1972 sa Lungsod ng Cebu, at nagtapos ng Batsilyer sa Fine Arts sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman noong 1993. Habang nasa kolehiyo ay tinutukan ni Bella ang klasiko at renaissance na pamamaraan sa pagpinta. Nagkaroon siya ng karagdagang pagsasanay sa Gage Academy sa Estados Unidos, kung saan nilinang niya ang kanyang interes sa dikotomiya ng tao at pakikibaka. Nakapagtrabaho siya bilang art director at graphic designer sa Filipino Cultural Heritage Society of Washington, Alecon Realty, Hope Publishing, International Artist Magazine, Pastel Journal, Phoenix-SIBS Publishing House, Quarter Group Publishing, Saint Francis of Assisi Publications, at Tawid Publications. Noong 2005 ay nagdesisyon siyang maging isang full-time na pintor. Kasapi siya Filipino Portrait Artists Guild, sa Philippine Pastel Artists, at sa Artalyer Workshop and Studio. Kilala ang kanyang estilo bilang hyper-surrealism.

Ipinapakita ng Imahen 4 ang obrang "Restoration of Democracy Continues," minamapa naman ng Pigura 8 ang mga klaster ng icon na nilalaman ng obrang ito. Collage pa rin ang estilo ng komposisyon ng obrang ito, at litaw na litaw ang kahusayan ni Bella sa pagpinta ng mga portrait. Ang estilong hyper-surrealism ni Bella ay nakabatay din sa prinsipyo ng collage, kaya mapapansing pulido ang pagkakahanay ng collage sa obrang ito.



**Imahen 4:** Ang Obrang "Restoration of Democracy Continues" ni Bella (Ramos 2015)




**Pigura 8:** Biswal na Pagmamapa sa mga Klaster ng Icon na Nilalaman ng Obrang "Restoration of Democracy Continues"

Ayon sa Pigura 8, may labing-anim na klaster ng icon ang nasabing obra: A) ang sakuna na dala ng bagyong Ondoy, B) mga Pilipinong nagbibigay ng karangalan sa Bansa, C) ang repormang K to 12, D) ang panunumpa ng dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo, E) ang mga pang-ekonomikong reporma at programa ng dating Pangulong Macapagal-Arroyo, F) simbolismo ng pang-ekonomikong kaunlaran ng bansa, G) imahen ng dating Pangulong Benigno Aquino III, H) imahen ng dating Pangulo ng Estados Unidos na si Barack Obama, I) panunumpa ng dating Pangulong Aquino, J) awtomasyon ng halalan sa bansa, K) ang malagim na Maguindanao Massacre, L) ang iskandalong Hello Garci, M) ang iskandalong ZTE, N) ang mutiny ng grupong Magdalo, O) ang pagpatalsik ng dating Pangulong Estrada, at P) imahen

ng dating Pangulong Macapagal-Arroyo. Ipinapakita ng Talahanayan 5 ang mga tiyak na icon na nilalaman ng nabanggit nang labing-animna klaster.

**Talahanayan 5:** Mga Tiyak na Icon na Nilalaman ng Anim na Klaster sa Obrang "Restoration of Democracy Continues"

| Klaster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Klaster A:** Sakuna na dala ng bagyong Ondoy | Mapait ang naranasan ng mga Pilipino dulot ng matinding baha sa Luzon. | • Mga lumilikas na mamamayan |
| **Klaster B:** Mga Pilipinong nagbibigay ng karangalan sa bansa | Si Manny "Pacman" Pacquiao ay kongresista sa Sarangani Province at walong titulo bilang Boxing Champ, si Shamcey Supsup ay Miss Universe 3rd Runner-up 2011 at si Efren Peñaflorida ay guro at *social worker* na nagtatag ng *Dynamic Teen Company* na nagbigay ng alternatibong edukasyon sa mga kabataan sa lansangan kaya napanalunan ang CNN Hero Award. | • Imahen ni Manny Pacquiao<br>• Imahen ni Shamcey Supsup<br>• Imahen Efren Peñaflorida |
| **Klaster C:** Repormang K to 12 | Implementasyon ng K-12 sa sistemang pang-edukasyon sa bansa na mayroong bumabatikos dahil produkto ito ng neoliberalismo. | • Mga batang mag-aaral<br>• Blackboard na may nakasulat na "K-12" |
| **Klaster D:** Panunumpa ng dating Pangulong Macapagal-Arroyo | Naging pangulo si Gloria M. Arroyo nang hindi natapos ang termino ni Pangulong Estrada at nanalo ulit siya sa kasunod na eleksiyon. Nanumpa siya sa harapan ni Punong Mahistrado Hilario Davide noong 20 Enero 2001 sa EDSA Shrine matapos iwan ni Pangulong Estrada ang Malacañang. | • Imahen ng dating Pangulong Macapagal-Arroyo<br>• Imahen ng dating Supreme Court Chief Justice Hilario Davide |
| **Klaster E:** Mga pang-ekonomikong reporma at programa ng dating Pangulong Macapagal-Arroyo | Ayon sa POEA maraming mga OFW ang ipinakalat sa iba't ibang bahagi ng mundo noong 2008—1,236,013 kaya may pagtaas ng 14.7 na porsyento mula 2007. Malaki ang suporta ng estado sa Business Process Outsourcing (BPO) hanggang sa kasalukuyan kaya ang *outsourcing customer service* ay nagpapatuloy na lumago na nagbibigay ng maraming trabaho. | • Mga Overseas Filipino Workers<br>• Mga nagtatrabaho sa business process outsourcing<br>• Barko |

| Klaster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
| --- | --- | --- |
| **Klaster F:** Simbolismo ng pang-ekonomikong kaunlaran ng bansa | May pagbabago sa industriya at impraestruktura kaya magtatapos ang administrasyon ni Aquino na may 7 nakumpletong Public-Private Partnership (PPP) na mga proyekto ayon kay Exucutive Director Cosette Canilao. Marami ring naipatayong mga gusali kaya may pagkakakitaan ang mga *construction worker.* | • Eroplano<br>• Mga nagtatrabaho sa construction<br>• Mga mataas na gusali |
| **Klaster G:** Dating Pangulong Benigno Aquino III | Namuno si Benigno Aquino III sa kanyang "matuwid na daan" at ang kanyang "Kayo ang Boss Ko" ay patunay na agresibo ang kanyang kampanya laban sa korapsiyon. Epektibo at konserbatibo ang kanyang macro-economic na mga polisiya. Lumago ang ekonomiya ng 6.8% at 7.2% noong 2012 at 2013, ayon sa pagkakabanggit. | • Imahen ng dating Pangulong Aquino<br>• Araw at mga bituin ng sagisag ng Pilipinas<br>• Selyo ng Pilipinas |
| **Klaster H:** Dating Pangulo ng Estados Unidos na si Barack Obama | Marami ang ipinahayag nina Pangulong Obama at Pangulong Benigno Aquino III sa Joint Press Conference noong 28 Abril 2014. Ganoon din noong nagkaroon sila ng Bilateral Meeting noong 17 Nobyembre 2015 na kapwa ginanap sa Pilipinas. | • Imahen ni Barack Obama |
| **Klaster I:** Panunumpa ng dating Pangulong Aquino | Si Dating Justice Conchita Carpio-Morales ang pinili ni Aquino na manumpa sa kanya. Opisyal na tinanggap ni Morales ang kahilingan, at pinangasiwaan ang panunumpa ni Pangulong Benigno Aquino III at Bise Presidente Jejomar Binay noong 30 Hunyo 2010, sa Quirino Grandstand sa Rizal Park, Manila. | • Imahen ng dating Pangulong Aquino<br>• Imahen ng dating Justice Conchita Carpio-Morales |
| **Klaster J:** Awtomasyon ng halalan sa bansa | Ang Election Modernization Act, na nagsusog sa ilang mga seksiyon ng Philippines Omnibus Election Code, ay nagbigay ng Lehislatibong balangkas, mga pamantayan para sa paggamit ng isang *automated* na sistema ng halalan. | • Precinct count optical scanner<br>• Mga taong gumagamit sa nasabing makina |

| Klaster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Klaster K:** Malagim na Maguindanao Massacre | Noong 2009, pitumpu't walo ang namatay. Tatlumpu't dalawa sa mga ito ay mga mamamahayag at kabilang sa mga napatay ang asawa ni Mangudadatu, ang kanyang dalawang kapatid na babae, abogado, *aide*, at mga motorista na mga saksi o napagkamalang bilang bahagi ng *convoy*. Tinawag ng Committee to Protect Journalists (CPJ) ang Maguindanao massacre na nag-iisang pinakamalagim na pangyayari para sa mga mamamahayag sa kasaysayan. Limang miyembro ng angkan, kabilang ang magkapatid na Andal Ampatuan, Jr. at Zaldy Ampatuan, ang hinatulan ng habambuhay na pagkakakulong. Ang ikatlong kapatid na lalaki ay napawalang-sala. | • Mga bangkay ng biktima<br>• Imahen ng dating Vice Mayor ng Buluan na si Esmael Mangudadatu<br>• Imahen ng dating Mayor ng Datu Unsay na si Andal Ampatuan, Jr. |
| **Klaster L:** Iskandalong Hello Garci | Si Virgilio Olivar Garcillano "Garci", ay dating opisyal ng Philippine Commission on Elections na umano'y sangkot sa diumano'y pandaraya sa eleksiyon ni Gloria M. Arroyo sa "Hello Garci" na iskandalo. Itinanggi ni "Garci" ang mga alegasyon ng pagdaraya at hindi rin natanggal sa pagkapangulo si Arroyo. | • Imahen ng dating opisyal ng COMELEC na si Virgilio Garcillano |
| **Klaster M:** Iskandalong ZTE | May *Senate inquiry* sa mga kickback ng gobyerno sa telecom deal. Nalaman ng Senado ang alegasyon tungkol sa paghingi ng dating pinuno ng COMELEC (Benjamin Abalos) ng $130 million sa broker ng $329 million deal sa China's ZTE para magtayo ng broadband network para sa mga ahensiya ng gobyerno. Nalungkot talaga si Lozada matapos mahatulan sa kasong graft habang ang mga pangunahing manlalaro sa maanomalyang kaso, kung saan tumestigo siya laban kay Abalos at dating First Gentleman Mike Arroyo, ay nananatiling malaya. | • Imahen ng whistleblower na si Rodolfo Lozada, Jr. |

| Klaster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Klaster N:** Mutiny ng grupong Magdalo | Sa Oakwood Mutiny ni Antonio Trillanes at higit tatlongdaang sundalo (2003), gusto nilang magbitiw sa puwesto ang ilang opisyal sa militar dahil sa mga anomalya sa AFP kasama sina Gloria Arroyo, Defense Sec. Angelo Reyes, PNP Director Gen. Hermogenes Ebdane at Victor Corpus, Chief of AFP Intelligence Service. Noong 2007 nagkaroon naman ng rebelyon sa Manila Peninsula at si Trillianes na nakadetene, Hen. Lim at ang ibang mga opisyal ng Magdalo ay nagwalk-out sa paglilitis at nagprotesta sa Makati. | • Imahen ng dating Senador Antonio Trillanes IV<br>• Mga armadong sundalo<br>• Manila Peninsula Hotel |
| **Klaster O:** Pagpatalsik sa dating Pangulong Estrada | Si Estrada ay tinanggal sa pagkapangulo ng Kongreso matapos siyang akusahan ng ilegal na pagkakamal ng humigit-kumulang $85 milyon, pagnanakaw sa kaban ng estado at pagkuha ng suhol mula sa mga operator ng ilegal na sugal. Naputol ang paglilitis sa impeachment ni Estrada sa Senado nang lumabas sa pagdinig ang isang grupo ng mga mambabatas ng oposisyon, na nagprotesta laban sa boto ng mga senador na nakaupo bilang mga hukom. Nagdulot ito ng tatlong araw na protesta sa kalye na nagtulak sa kanya na bumaba sa puwesto. | • Imahen ng dating Pangulong Estrada<br>• Imahen ng Our Lady of EDSA<br>• Isang politikal na rally |
| **Klaster P:** Dating Pangulong Macapagal-Arroyo | Si Maria Gloria Macapagal-Arroyo ay madalas na tinutukoy ng kanyang inisyal na GMA, ay isang akademiko at politiko na nagsilbi bilang ikalabing-apat na pangulo ng Pilipinas. | • Imahen ng dating Pangulong Macapagal-Arroyo |


Naiiba ang obrang “Restoration of Democracy Continues” sa naunang tatlong obrang kabilang sa sequential na panel sa Panahon ng Batas Militar hanggang sa Kasalukuyan, sa puntong hindi nagtutugma ang pisikal at naratibong sentro ng nasabing obra. Ang pamagat ng obra ang maaaring magbigay ng sentral na naratibo nito: ang muling pagpapalakas ng demokrasya sa bansa. Kaya, hindi man kasama

ang imahen ng diktadurang Marcos dito, nasa ilalim pa rin ang obrang ito sa anino ng nasabing diktadurang nagwasak sa demokrasya ng bansa. Ang administrasyong Estrada, na nariyan sa klaster O, ay isang aberya lamang sa pangmatagalang proyekto ng muling pagpapalakas ng demokrasya. Natural lamang na sa obrang ito ang panig ng administrasyong Macapagal-Arroyo ay mas masinsin sa detalye, dahil umabot ng mahigit siyam na taon ang panunungkulan ng dating Pangulong Macapagal-Arroyo, habang halos nasa kalagitnaan pa lamang ng panunungkulan ang dating Pangulong Aquino noong ginawa ni Bella ang obrang "Restoration of Democracy Continues." Ipinakita man ng klaster E, F, at J ang mga mahalagang reporma at programa ng administrasyong Macapagal-Arroyo lalo na sa usapin ng ekonomiya, ipinapaalala naman ng klaster K, L, M, at N ang mga problema at iskandalong bumulabog sa nasabing administrasyon. Pati ang pangunahing imahen ng dating Pangulong Macapagal-Arroyo na nasa klaster P ay hinango ni Bella mula sa television broadcast kung kailan humingi ng walang saysay na patawad ang dating pangulo kaugnay sa kinasasangkutang iskandalong "Hello Garci." Ang panig ng administrasyong Aquino ay nagpapahiwatig ng pag-asa para sa kinabukasan at panunumbalik ng tiwala ng mga Pilipino sa ating sarili. Ang klaster F ay sumasagisag ng patuloy ng pag-unlad ng ekonomiya, at ang pangunahing imahen ng dating Pangulong Aquino, sa klaster G, ay nasa ilalim ng gabay ng araw at mga bituin ng pambansang sagisag. Ang imahen ng dating Pangulo ng Estados Unidos na si Barack Obama, sa klaster H, ay isang mahinang kritisismo lamang ni Bella sa patuloy nating pagiging sunod-sunuran sa dikta ng Estados Unidos.

Kapag ang x aksis ng modipikadong ispektrum nina Slomp at Demeterio ang pinag-uusapan, ipinagmamalaki ng obrang "Restoration of Democracy Continues" ang mga liberal na repormang isinulong ng dalawang administrasyon, at binatikos ang mga korapsiyon na nagdudulot ng iskandalo at nagpapahina sa ating demokrasya. Ang obrang ito ay puno ng pag-asang lalo pang umunlad ang bansa habang tinatahak ang demokratikong landas. Kaya masasabing ang kinatatayuan ng obra sa x aksis nina Slomp at Demeterio ay nasa liberal na paninindigan.

Kapag ang y aksis ng modipikadong ispektrum nina Slomp at Demeterio ang pag-uusapan, ang pagkundena ng obra sa malagim na Maguindanao Massacre, ang pagpapahalaga nito sa mga OFW, ang pagpapahiwatig ng pag-asa sa magiging resulta ng programang K to 12 sa dadating na human resource ng bansa, at ang paanyaya nito na ipagmalaki ng mamamayan ang pagiging Pilipino gamit ang ilang kilalang personalidad ay nagpapatunay sa pagpapahalaga ng obra sa mga indibidwal. Kaya masasabing may libertaryang paninindigan ang obrang "Restoration of Democracy Continues."


Sa modipikadong ispektrum nina Slomp at Demeterio, masasabing nasa liberal na libertaryan ang kabuuang ideolohikal na paninindigan ng obrang "Restoration of Democracy Continues," at biswal na ipinapakita ito ng Pigura 9.




**Pigura 9:** Ang Kabuuang Ideolohikal na Paninindigan ng Obrang "Restoration of Democracy Continues"

## Kongklusyon

Ipinapakita ng Pigura 10 ang tatlong politikal na paninindigan ng apat na sinusuring obra sa modipikadong ispektrum nina Slomp at Demeterio. Ang mga obrang "Martial Law in the Philippines" at "Restoration of Democracy Continues" ay parehong may dala-dalang liberal na libertaryan na paninindigan; ang obrang "Filipinos Unite to End Martial Law" ay may dala-dalang radikal na libertaryang paninindigan; habang ang obrang "Ramos-Estrada Administration" ay may dala-dalang magkahalong radikal na libertaryan at liberal na libertaryan na paninindigan.




**Pigura 10:** Ang mga Ideolohiyang Politikal ng Apat na Obrang Napabibilang sa mga Sequential Panel na Kasama sa Panahon ng Batas Militar hanggang sa Kasalukuyan

Naniniwala ang mga may-akda ng papel na ito na sa kabuuan nasa liberal na libertaryan ang ideolohiyang politikal ng mga sequential panel na kasama sa Panahon ng Batas Militar hanggang sa kasalukuyan. Inaasam ng mga obrang ito ang panlipunan at pang-ekonomikong kaunlaran sa ilalim ng demokrasya. Pero lumalabas ang pagiging radikal ng mga obra kapag may puwersang sumisira sa tunguhing ito, katulad ng nangyari noong diktadurang Marcos. Lumalabas din ang pagiging radikal ng mga obra sa puntong ninanais din ng mga Pilipinong ang panlipunan at pang-ekonomikong kaunlaran na matatamo ng isang progresibong demokrasya ay dapat lamang umabot din sa antas ng masang Pilipino. Sa kasalukuyang sitwasyon kung saan ang bansa ay kontrolado ng mga elista, tanging sa radikal na pagbabago lamang may pag-asang mangyari ang ganitong hangarin. Naging hudyat sana ng radikal na pagbabago ang administrasyong Estrada, ngunit binulabog ito ng malaking iskandalo.

Maaaring sa ideolohiyang politikal na liberal na libertaryan magkakasundo ang Unibersidad ng Pilipinas Diliman, ang Alumni Association nito, ang Araneta Center, Incorporated, ang mga pintor na sangkot sa proyekto, at ang mga Pilipinong tumatangkilik sa permanenteng eksibit ng Sining Saysay.

Kapag dumating na ang pagkakataong magpasya ang pamunuan ng Gateway Gallery na magdagdag ng ikadalawampu't apat na sequential historikal na panel tungkol halimbawa sa administrasyong Duterte, naniniwala ang mga may-akda ng papel na ito na mas malaki ang tsansang ang panel na iyon ay nakabatay din sa ideolohiyang politikal ng radikal na libertaryan at/o liberal na libertaryan.

Ninanais ng mga may-akda ng papel na ito na magkakaroon ng pagkakataong masuri din ang mga ideolohiyang politikal ng nalalabing labinsiyam na sequential painting ng permanenting eksibit ng Sining Saysay.

## MGA SANGGUNIAN

Capulla, Rose, at Feorillo P. Demeterio III. "Ang Senyas: Diskurso ng Pagkabansa mula sa mga pangunahing Materyal na Icon sa 29 na mga Obra ng Sining Saysay." *International Journal of Research Studies in Education*, vol. 9, no. 8, 2020, pp. 89-112.

Defeo, Ruben. *Sining Saysay: Philippine History in Art.* Office of the President, University of the Philippines System, 2015.

Demeterio III, Feorillo P. *Ang mga Ideyolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines*. De La Salle Publishing House, 2012.

———. "Isang Semyolohikal na Pagsusuri sa mga Kontradiksiyong Nakapaloob sa Panlipunang Kritisismo ni Gloc-9." In *Malay*, vol. 26, no. 1, 2013, pp. 17-35.

———. "Rafael Lerma's Photojournalistic Take on the Duterte Administration's Drug War: A Counter-Barthesian Semiological Study." *Plaridel*, vol. 17, no. 1, 2020, pp. 75-110.

Demeterio III, Feorillo P., at Joshua Mariz Felicilda. Ang mga Ideolohiyang Politikal na Nakapaloob sa *Rosales Saga* ni F. Sionil Jose. *Humanities Diliman*, vol. 16, no. 1, 2019, pp. 110-33.

Demeterio III, Feorillo P., at Leslie Anne Liwanag. "Barthesian Semiologies on Selected YouTube Video Clips of Petra Mahalimuyak." *Plaridel*, vol. 13, no. 2, 2016, pp. 51-76.

Defeo, Ruben. *SiningSaysay: Philippine History in Art*. Office of the President, University of the Philippines System, 2015.

Eagleton, Terry. *Ideology: An Introduction*. Verso, 1991.

Pascual, Alfredo. *Sining Saysay: Philippine History in Art*. Office of the President, University of the Philippines System, 2015.

______________

**Rose Pascual-Capulla** (rose.capulla@vsu.edu.ph) Assistant Professor IV siya sa Department of Philosophy and Social Sciences ng Visayas State University (VSU). Nagtapos siya ng Ph.D. sa Araling Filipino – Wika, Kultura at Midya sa De La Salle University, Manila. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa VSU mula Nobyembre taong 1996. Nakapagpresenta siya ng mga papel sa mga pang-internasyunal na mga kumperensiya dito at sa ibang bansa at naglathala na rin ng mga artikulo sa internasyunal at nasyunal na mga jornal. Ang kanyang interes sa pananaliksik ay hermenyutika, semiotika, pag-aaral ng kultura, Araling Pilipino, Southeast Asian Studies, at mga pag-aaral ng ispirituwalidad.

**Feorillo Petronilo A. Demeterio III** (feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph) Executive Director siya sa Research and Grants Management Office sa De La Salle University, Manila, isang Full Professor sa Departmento ng Filipino sa Kolehiyo ng Malayang Sining, at SDRC o Social Development Research Center Fellow sa nabanggit na Unibersidad. Nagtapos siya ng Ph.D. Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas,

Diliman at M.A. sa Pilosopiya sa Unibersidad ng Santo Tomas. Ang kanyang interes sa pananaliksik ay sa hermenyutika, kultural na pag-aaral, Araling Pilipino, Filipino at pilosopiya. Naging visiting research professor siya sa Council for Research in Values and Philosophy sa Catholic University of America sa Washington, D.C. Sa SDRC, siya ay kapwa-imbestigador sa pag-aaral na "From the Margins to the Mainstream of Society: Transforming the Lives of Workers with Exceptionality, their Co-Workers, Business, Corporate Practices, Polices and the Workplace," at kapwa may-akda sa Exceptionality to Exceptional: Inclusion of Differently Abled Persons in the Workplace, ang nai-publish na output ng pag-aaral.